

SANGAY NA PANGHUKUMAN NG CALIFORNIA

Estratehikong Plano para sa Pangwikang Daan sa Paggamit sa mga Hukuman ng California

Enero 22, 2015

Ehekutibong Buod



Ehekutibong Buod

Kasunod ng malawak ng pagtitipon ng komento ng apektado, ang Pinagsamang Nagtatrabahong Grupo para sa Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit ng California ay naghanda ng *Estratehikong Plano para sa Pangwikang Daan sa Paggamit sa mga Hukuman ng California*. Itong Ehekutibong Buod ay nagkakaloob ng pangkalahatang-tanaw sa pagbuo ng plano, kasama ng isang buod ng mga pinakamahalaga sa mga komento at rekomendasyon ng apektado. Ang layunin ng Nagtatrabahong Grupo ay bumuo ng mga rekomendasyon na lilikha ng pambuong-sangay na paraan ng pagkakaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa mga gumagamit ng hukuman sa buong estado habang binibigyang-daan ang indibidwal na pangangailangan ng hukuman para sa isang malaking antas ng kakayahang mag-agpang sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng plano. Ang pangunahing hangarin ay isama ang pangwikang daan sa paggamit bilang bahagi ng mga pangunahing serbisyo ng hukuman. Ang borador na plano ay inilagay sa website ng mga Hukuman ng California para sa komento ng publiko noong Hulyo 31, na ang panahon ng komento ay nagpatuloy hanggang Setyembre 29, 2014. Kasunod ng proseso ng komento ng publiko, ang borador na plano ay binago at ang isang pangwakas na plano ay iniharap sa Konsehong Panghukuman para sa pagrepaso at pagpapatibay nito.

Naunang Aksiyon ng Konseho

Ang sangay na panghukuman ng California ay matagal na sumuporta sa pangangailangan na palawakin ang mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa mga hukuman. Gayunman, ang sangay ay hindi pa nagpapatibay ng isang masaklaw na pambuong-estadong plano sa pangwikang daan sa paggamit na magkakaloob ng mga rekomendasyon, patnubay, at patuloy na pambuong-estadong paraan upang matiyak ang pangwikang daan sa paggamit sa lahat ng may limitadong kasanayan sa Ingles (limited English proficiency, LEP) na mga gumagamit ng hukuman. Noong Hunyo 2013, ang Pinagsamang Nagtatrabahong Grupo para sa Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit ng California ay itinatag upang lumikha ng isang plano na maglilingkod sa lahat ng mga LEP na gumagamit ng hukuman ng California. Ang nagtatrabahong grupo ay binubuo ng mga miyembro ng pareho ng Nagpapayong Panel ng mga Panghukumang Interpreter at ng Nagpapayong Komite sa Pagkakaloob ng Daan at Pagkamakatarungan, kasama ng ibang mga apektado at isang tagapayo sa daan sa paggamit ng wika.

Pamamaraan at Proseso

California ang estado na may pinakamalaking pagkakaiba-iba sa bansa, na may humigit-kumulang na 7 milyong residenteng LEP at mga posibleng gumagamit ng hukuman, nakakalat sa malaking lugar, na nagsasalita ng higit sa 200 wika. Dahil dito, ang pagsisikap na bumuo ng isang masaklaw na pambuong-estadong plano sa pangwikang daan sa paggamit ay nagsama ng maraming talakayan upang palahukin ang mga lider ng hukuman at ibang mga interesadong apektado ng pangwikang daan sa paggamit sa buong estado upang makakuha ng mahahalagang komento. Ang Pinagsamang Nagtatrabahong Grupo ay nagsagawa ng isang serye ng mga sesyon ng pakikinig sa mga ehekutibong opisyal ng hukuman at namamatnugot na hukom,

mga organisasyon ng interpreter ng hukuman (kabilang ang California Federation of Interpreters at mga grupo ng kinokontratang interpreter), at mga tagapagkaloob ng mga serbisyong pambatas. Sa mga sesyon ng pakikinig, ang mga kalahok ay nagrepaso ng balangkas ng borador para sa plano sa pangwikang daan sa paggamit at tinalakay ang mahahalagang hamon at pagkakataon para sa mga hukuman ng California tungkol sa daan sa paggamit ng wika.

Saka sa dakong huli ng Pebrero at unang bahagi ng Marso 2014, tatlong pampublikong pagdinig tungkol sa pangwikang daan sa paggamit ang ginanap, sa San Francisco, Los Angeles, at Sacramento. Ang paunawa para sa mga pampublikong pagdinig—kabilang ang adyenda, papel ng katotohanan, at balangkas ng borador—ay ipinagkaloob sa maraming wika at inilagay sa website ng mga Hukuman ng California.¹ Sa mga pagdinig, ang eksperto ay nagkaloob ng komento mula sa mga lokal, pang-estado, pambansa, para sa pangangalagang pangkalusugan, panghukuman, at pambatasang pananaw. Ang pangwikang daan sa paggamit sa pamamagitan ng mga interpreter ay ipinagkaloob, gaya ng makabuluhan sa bawat rehiyon, at ang mga pagdinig ay mapapanood din sa pamamagitan ng web. Pagkatapos ng mga pagdinig, ang mga audio at nakasulat na komento, gayon din ang mga inihandang presentasyon mula sa mga panelista, ay inilagay sa pahina ng web ng Pinagsamang Nagtatrabahong Grupo.² Ang pinag-isipan, magkakaiba, at mahalagang mga pananaw na ipinagkaloob ng lahat ng mga indibidwal at grupo ay naging mahalaga sa pagbuo ng borador na plano.

Pagkatapos ng mga pampublikong pagdinig, ang Pinagsamang Nagtatrabahong Grupo ay nagsimula ng masalimuot na gawain na pagrepaso at pagsusuri ng lahat ng mga komento ng apektado upang bumuo ng angkop na mga rekomendasyon para sa borador ng plano.

Mga Inaalala ng mga Apektado

Bagaman ang dami ng mga sinaklaw na paksa, ang pagkaunawang ibinahagi, at ang mga karanasang ibinahagi ay malawak, may ilang mahahalagang temang lumabas sa buong proseso ng pagpapalano:

- Ang mga tagapagsalita ng LEP na kailangang gumamit ng sistemang panghukuman para sa iba't ibang mga kasong sibil—mula sa batas na pampamilya hanggang sa karahasan sa tahanan hanggang sa pagpapaalis sa umuupa—ay hindi makabuluhang makagamit ng mga proseso ng hukuman dahil sa mga hadlang na pangwika. Sa mahahalagang pamamaraan na tulad ng mga pagdinig at paglilitis, ang mga LEP na gumagamit ng hukuman ay madalas na napipilitang gumamit ng mga miyembro ng pamilya o kaibigan upang makipagtalastasan sa hukuman. Ang di-sinanay na mga interpreter na ito ay bihirang magkaroon ng kakayahang tumpak at kumpletong makatulong sa komunikasyon sa pagitan ng hukuman at ng litiganteng LEP. Ang kabiguang tiyakin

¹ Tingnan ang pahina sa web ng Pinagsamang Nagtatrabahong Grupo ng LAP, sa www.courts.ca.gov/LAP.htm.

² *Ibid.*

ang wastong komunikasyon ay maaaring humantong sa basikong di-pagkakaintindihan at pagkalito, ang pagkawala ng mga LEP na gumagamit na hukuman ng mahahalagang karapatang pambatas, o ng kawalan ng kakayahan na makagamit ng mga remedyo.

- Ang pangwikang daan sa paggamit ay dapat ipagkaloob sa lahat ng mahahalagang punto ng kontak ng mga taong LEP sa sistema ng hukuman. Ang partidong LEP ay madalas na walang kakayahang hawakan maging ang mga unang hakbang sa paghahanap ng paraang pambatas, tulad ng pag-alam kung anu-anong mga remedyo o proteksiyong pambatas ang maaaring makuha at kung saan mahahanap ang mga ito, pag-alam kung ano ang mga pamamaraang pambatas na susundin, at pagkaunawa kung paano at saan kukumpletuhin at ihaharap ang mga pormang panghukuman.
- Ang pangwikang daan sa paggamit ay dapat magsimula bago umabot ang isang LEP na gumagamit ng hukuman sa mga pinto ng hukuman; ito ay dapat magsimula sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, mga pagsisikap na edukasyon ng publiko, at paggamit na nakabase sa web. Ang mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit ay dapat makuha sa pagpasok sa hukuman ng LEP na gumagamit ng hukuman at sa lahat ng mga punto ng kontak sa loob ng hukuman, tulad ng mga sentro ng sariling-tulong, mga serbisyong alternatibong paglutas ng pagtatalo, at mga counter ng mga klerk.
- Ang mga tagapamahala ng hukuman sa partikular ay nagkaloob ng mga komento sa mahalagang pangangailangan para sa mas mataas na pagpopondo para sa sangay na panghukuman, nag-aalala na, kung walang mga karagdagang pondo, ang pagsunod sa plano sa pangwikang daan sa paggamit ay magpapakita ng mga paghihirap o hahantong sa pagbawas ng mga serbisyo ng hukuman sa ibang mga lugar. Ang pagpapalawak ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit, bagaman sinusupportahan ng lahat ng mga apektado, ay nagpapakita ng mga pangangailangang pinansiyal na sa bahagi ay matutugunan ng mga kahusayan sa pagkaloob ng mga serbisyong pangwika pero, mas mahalaga, ay mangangailangan ng karagdagang pagpopondo na inilalaan para sa layuning iyon at hindi ng paglilipat ng kakaunti nang mga kakayahan mula sa ibang mga serbisyo ng hukuman.
- Anumang mga pagsisikap na pabutihin ang pagkaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit ay dapat kasama ang isang mas masaklaw na mekanismo para sa pagtitipon ng mga datos sa mga komunidad ng LEP sa California. Ang mga tradisyunal na pinagkukunan ng mga datos na demograpiko ay may mababang tantiya sa kasalukuyang bilang ng mga residenteng LEP sa estado, sa partikular tungkol sa mga komunidad na napapahiwalay na kaugnay ng wika, mga migranteng manggagawa, at mga tagapagsalita ng mga katutubong wika. Katulad nito, ang mga pinagkukunan ng mga datos na ito ay hindi sapat na nakasusubaybay sa mga lumilitaw na wika.
- Habang ang mga serbisyo ay pinalalawak, ang tanong ay namamalagi tungkol sa kung ang kasalukuyang bilang ng sertipikado at nakarehistrong mga interpreter ay sapat upang matugunan ang posibleng pangangailangan, dahil ang mga nakikita tungkol sa

gastos sa pagpapalawak ng pangwikang daan sa paggamit sa lahat ng mga pamamaraan ng hukuman at mga punto ng kontak ay may malaking pagkakaiba. Ang mga tantiya ay kailangang gawin, at dapat isama ang lahat ng mga kaugnay na gastos, tulad ng teknolohiya, pagsasanay, at mga tanda.

- Ang mga teknolohiyang tulad ng pagsasalin sa malayo gamit ang video, pagsasalin sa telepono, daan sa paggamit na nakabase sa web, at mga kasangkapang naririnig at nakikita sa maraming wika ay may mahalagang papel sa gagampanan sa pambuong-estadong pagkakaloob ng pangwikang daan sa paggamit. Gayunman, ang mga hukuman ay dapat mag-ingat upang matiyak na ang paggamit ng teknolohiya ay angkop para sa kapaligiran, na ang mga pananggalang ay nakalagay para sa pagtiyak ng mga karapatan sa makatarungang proseso, at ang mataas na kalidad ay pinananatili.
- Anumang pagsisikap na tiyakin ang makabuluhang pangwikang daan sa paggamit sa sistema ng hukuman para sa lahat ng mga naninirahan sa California ay dapat kabilang ang pakikipagtulungan sa mga apektado. Sa mga apektadong ito ay kabilang ang nakabase-sa-komunidad na mga tagapagkaloob na tulad ng mga organisasyon ng mga serbisyong panlipunan, mga tagapagtaguyod na kaugnay ng karahasan sa tahanan, mga tagapagkaloob ng kalusugan ng isipan, at mga programa sa paggamot ng pag-abuso ng substansiya; mga kasama sa hustisya tulad ng mga organisasyon ng mga serbisyong pambatas, mga organisasyon ng panghukumang interpreter, mga pampublikong manananggol, tagapagpatupad ng batas, kulungan, mga kagawaran ng probasyon, at mga ahensiyang pampangasiwaan; at mga eksperto sa pangwikang daan sa paggamit.
- Ang sangay ay dapat maging mas aktibo sa pagkalap ng mga posibleng interpreter sa pinakamaagang mga yugto ng kanilang edukasyon, partikular sa mga mataas na paaralan, at saka palawakin sa mga programa sa kolehiyo ng komunidad at unibersidad. Ang mga hukuman ay dapat lumikha ng mga pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob na pang-edukasyon upang bumuo ng daluyan ng mga posibleng interpreter at mga empleyado ng hukuman na may dalawang wika.
- Ang pangangailangan ay napakahalaga para sa pagsasanay ng mga opisyal na panghukuman, mga tauhan ng hukuman, at mga tauhang panseguridad sa (1) pagtukoy at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga gumagamit ng hukuman sa lahat ng mga punto ng kontak sa hukuman; (2) pag-unawa sa mga natatanging katangian ng iba't ibang komunidad na etniko. na maaaring tumiyak ng magalang na pagtrato sa LEP na mga gumagamit ng hukuman; (3) pagtiyak na ang mga interpreter ay sa katotohanan, sertipikado o wastong naging pansamantalang kuwalipikado; at (4) pagsasagawa ng mga pamamaraan sa isang paraan na nagpapadali ng pinakamahasay na daan sa paggamit ng wika.

Mga Hangarin ng Plano

Ang Pinagsamang Nagtatrabahong Grupo ay tumukoy sa mga sumusunod na walong estratehikong hangarin, na pumapatnubay sa pagbuo ng plano:

- **Hangarin 1: Pabutihin ang Maagang Pagtukoy at Pagtitipon ng mga Datos sa mga Pangangailangang Pangwika**
Ang Konsehong Panghukuman ay tutukoy sa pambuong-estadong mga pangangailangan ng pangwikang daan sa paggamit ng mga naninirahan sa California na limitado ang kasanayan sa Ingles, at ang mga hukuman ay tutukoy sa ispesipikong mga pangangailangan ng pangwikang daan sa paggamit sa loob ng mga lokal na komunidad, gagawin ito sa pinakamaagang panahong posible sa mga inter-aksiyon sa hukuman ng mga naninirahan sa California na LEP.
- **Hangarin 2: Magkaloob ng mga Kuwalipikadong Serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa Lahat ng mga Pamamaraang Panghukuman**
Pagsapit ng 2017, at simula kaagad kung makakaya, ang mga kuwalipikadong interpreter ay ipagkakaloob sa mga hukuman ng California sa mga LEP na gumagamit ng hukuman sa lahat ng mga pamamaraan ng hukuman at, pagsapit ng 2020, sa ipinag-utos ng hukuman, pinatatakbo ng hukuman na mga ginaganap.³
- **Hangarin 3: Magkaloob ng mga Serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa Lahat ng mga Punto ng Kontak sa Labas ng mga Pamamaraang Panghukuman**
Pagsapit ng 2020, ang mga hukuman ay magkakaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa lahat ng mga punto ng kontak sa mga hukuman ng California. Ang mga hukuman ay magkakaloob ng paunawa sa publiko ng mga makukuhang serbisyong pangwika.
- **Hangarin 4: Magkaloob ng Mataas ang Kalidad na Pagsasalin at mga Tanda sa Maraming Wika**
Ang Konsehong Panghukuman, tinutulungan ng mga hukuman, ay tutukoy sa pinakamahasay na mga gawain at kakayahan para sa pinakamataas ang kalidad na pagsasalin ng mga ng dokumento at mga tanda sa hukuman sa lahat ng mga angkop na wika.

³ Sa loob ng konteksto ng planong ito, ang katawagang “ipagkakaloob” (gaya ng nasa “ang mga kuwalipikadong interpreter sa hukuman ay ipagkakaloob”) ay nangangahulugang walang gastos ang LEP na gumagamit ng hukuman at walang pagbawi ng gastos.

- **Hangarin 5: Palawakin ang Mataas ang Kalidad na pangwikang daan sa paggamit sa Pamamagitan ng Pagkalap at Pagsasanay ng mga Tagapagkaloob ng Pangwikang Daan sa Paggamit**

Ang mga hukuman at ang Konsehong Panghukuman ay titiyak na ang lahat ng mga tagapagkaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit ay naghahatid ng mataas ang kalidad na mga serbisyo. Ang mga hukuman at ang Konsehong Panghukuman ay magtatatag ng mga pamantayan ng kasanayan para sa mga tauhang may dalawang wika at mga boluntaryong angkop sa serbisyong inihahatid, nag-aalay ng patuloy na pagsasanay para sa lahat ng mga tagapagkaloob ng mga serbisyong pangwika, at proaktibong kumalap ng mga taong interesado sa pagiging mga interpreter o mga tauhan ng hukuman na may dalawang wika.

- **Hangarin 6: Magkaloob ng Pagsasanay ng Sangay na Panghukuman sa mga Patakaran at Pamamaraan sa Pangwikang Daan sa Paggamit**

Ang mga opisyal, mga tagapangasiwa ng hukuman, at mga tauhan ng hukuman ay tatanggap ng pagsasanay sa mga patakaran, pamamaraan, at pamantayan sa pagkakataong pangwika, upang sila ay makatugon nang patuloy at mabisa sa mga pangangailangan ng LEP na mga gumagamit ng hukuman, habang nagkaloob ng mga serbisyo sa pangwikang daan sa paggamit na may kakayahang pangkultura

- **Hangarin 7: Magsagawa ng Pakikipag-ugnayan sa mga Komunidad Tungkol sa mga Serbisyong Pangwikang Daan sa Paggamit**

Ang Konsehong Panghukuman at ang mga hukuman ay magsasagawa ng masaklaw na pakikipag-ugnayan, at makikipagtulungan, sa mga komunidad na LEP at sa mga organisasyon na naglilingkod sa mga ito.

- **Hangarin 8: Tukuyin ang mga Sistema, Pagpopondo, at Pagbabatas na Kailangan para sa Pagpapatupad ng Plano at Pamamahala ng Pangwikang Daan sa Paggamit**

Upang makumpleto ang sistematikong pagpapalawak ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit, ang Konsehong Panghukuman ay (1) kukuha ng sapat na pagpopondo na hindi nagreresulta sa pagbawas sa ibang mga serbisyo ng hukuman; (2) magmumungkahi ng mga angkop na pagbabago sa batas, pareho sa mga susog sa batas at mga pagbabago sa mga tuntunin ng hukuman; at; at (3) bubuo ng mga sistema para sa pagpapatupad ng Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit, para sa pagsubaybay sa pagkaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit, at para sa pagpapanatili ng pinakamataas ang kalidad na mga serbisyong pangwika.

Mga Implikasyon ng Patakaran at Gastos

Ang *Estratehikong Plano para sa Pangwikang Daan sa Paggamit sa mga Hukuman ng California* ay nagmumungkahi ng unti-unting pagharap upang palawakin at pahasayin ang pangwikang daan sa paggamit sa mga hukuman ng California para sa lahat ng 7 milyong residenteng LEP ng California at mga posibleng gumamit ng hukuman. Ang California ay may higit sa 1,800 lubos na sinanay na sertipikado at nakarehistrong panghukumang interpreter, malaki ang kalamangan kaysa alinmang ibang estado, na nagkakaloob ng mga araw ng serbisyo ng 215,000 interpreter taun-taon sa gastos na higit sa \$92 milyon bawat taon.⁴ Ang pagpapalawak ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit ay mag-aatas ayon sa pangangailangan ng malilikhaing solusyon at kukuha ng karagdagang pagpopondo sa hukuman. Gaya ng ipinabatid ng mga apektado sa panahon ng proseso ng pagpapalawak, gayunman, marami pang trabahong dapat gawin, lalo na sa lugar na sibil, upang tiyakin na ang lahat ng mga gumagamit ng hukuman ay may makabuluhang daan sa paggamit ng mga hukuman ng estado. Ang pagpapalawak ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit ay mag-aatas ayon sa pangangailangan ng malilikhaing solusyon at karagdagang pagpopondo sa hukuman, nang hindi binabawasan ang ibang mga pangunahing pagpapatakbo ng hukuman.

Ang isa sa mga pangunahing hangarin ng plano (Hangarin 2) ay tiyakin na, “Pagsapit ng 2017, at simula kaagad kung makakaya, ang mga kuwalipikadong interpreter ay ipagkakaloob sa mga hukuman ng California sa LEP na mga gumagamit ng hukuman sa lahat ng mga pamamaraan ng hukuman at, pagsapit ng 2020, sa lahat ng ipinag-utos ng hukuman, pinatatakbo ng hukuman na mga ginaganap.” Maraming kasong sibil na tulad ng pagpapaalis sa umuupa, pagiging tagapangalaga, pagiging tagapag-ingat, at mga bagay na pampamilya na may kaugnayan sa pagiging tagapag-ingat ng mga bata at pagtatapos ng mga karapatan ng magulang at napakahalaga sa mga buhay ng mga naninirahan sa California. Ang ipinag-utos ng hukuman at pinatatakbo ng hukuman na mga programa, serbisyo, at ginaganap, tulad ng mga komperensiyang pag-aayos o sapilitang pamamagitan, ay mahalaga rin sa makatarungang paglutas ng mga pagtatalo. Dahil ito ang intensiyon ng Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit na ang pagpapasok ng mga serbisyo ng interpreter sa mga pamamaraang sibil at ipinag-utos ng hukuman, pinatatakbo ng hukuman na mga ginaganap ay itatatag agad at ipagpapatuloy sa buong proseso ng pagpapatupad ng buong pangwikang daan sa paggamit.

⁴ Ang kabuuang pambuon-estadong paggasta sa panghukumang interpreter na natamo noong 2013–2014 na karapat-dapat pabayaran mula sa Trial Court Trust Fund (TCTF) Program 45.45 (panghukumang interpreter) ay may kabuuan na \$92,471,280.

Mga Pagsisikap sa Pagpapatupad

Dahil nakumpleto na ang gawaing ito, ang Pinagsamang Nagtatrabahong Grupo ay nagrerekomenda ng kaagad na pagbuo ng dalawang grupo na mag-uulat sa Ehekutibong Komite at Komite sa Pagpapalano ng Konsehong Panghukuman: (1) ang isang Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ng Pangwikang Daan sa Paggamit, na bubuo at nagrerekomenda ng mga paraan para sa pagpapatupad ng Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit sa lahat ng 58 county, at makikipag-ugnayan din sa kaugnay na mga nagpapayong grupo at mga tauhan ng Konsehong Panghukuman tungkol sa mga pagsisikap sa pagpapatupad; at (2) isang komite sa pagsasalin, na mangangasiwa sa mga protokol sa pagsasalin para sa mga porma, nakasulat na materyal, at kasangkapan para sa pandinig at paningin ng Konsehong Panghukuman.

Pagpapasok ng mga Rekomendasyon

Upang tulungan ang mga hukuman at lahat ng mga interesadong tao sa pag-unawa ng kung paano ang iba't ibang mga rekomendasyon na nasa Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit ay maaaring unti-unting ipasok para sa pagpapatupad ng mga hukuman at ng Konsehong Panghukuman sa susunod na limang taon (2015–2020), Apendise A (kalakip) ay gumagawa ng paggrupo ng lahat ng mga rekomendasyon ng plano sa isa ng tatlong kategorya:

- **YUGTO 1:** Ang mga rekomendasyong ito ay apurahan o dapat na naitatag na. Ang pagpapatupad ng mga rekomendasyon ay dapat simulan sa taon 1 (2015).
- **YUGTO 2:** Ang mga rekomendasyong ito ay napakahalaga, pero hindi gaanong apurahan o maaaring mangailangan ng pagkumpleto ng mga gawain ng Yugto 1. Ang pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito ay maaaring magsimula agad, kung magagawa, at dapat magsimula sa mga taon 2–3 (2016–2017).
- **YUGTO 3:** Ang mga rekomendasyong ito ay napakahalaga, pero hindi apurahan, o masalimuot at mangangailangan ng mahahalagang hakbang, oras, at kakayahan na kaugnay ng pundasyon na kukumpletuhin bago lumampas ang 2020. Ang pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito ay dapat magsimula agad, kung magagawa, o agad pagkatapos maitatag ang mga hakbang para sa pundasyon.

Apendise A: Pagpapasok ng mga Rekomendasyon

YUGTO 1: Ang mga rekomendasyong ito ay apurahan o dapat na naitatag na. Ang pagpapatupad ng mga rekomendasyon ay dapat simulan sa taon 1 (2015).

#1 Pagtukoy sa mga pangangailangan ng pangwikang daan sa paggamit. Tutukuyin ng mga hukuman ang mga pangangailangan ng pangwikang daan sa paggamit para sa bawat LEP na gumagamit ng hukuman, kabilang ang mga partido, testigo, o ibang mga taong may malaking interes, sa pinakamaagang posibleng punto ng kontak sa taong LEP. Ang mga pangangailangang pangwika ay malinaw at patuloy na idodokumento sa sistema ng pamamahala ng kaso at/o anumang ibang rekord o file ng kaso, gaya ng angkop ayon sa kasalukuyang sistema ng hukuman sa rekord ng impormasyon ng kaso, at ang kakayahang ito ay dapat isama sa anumang mga pagpapahusay ng sistema o pagbuo ng sistema sa hinaharap. (Yugto 1)

#2 Mga paghiling ng mga serbisyong pangwika. Ang pagkakaloob o pagtanggap ng hukuman sa mga serbisyong pangwika ay dapat subaybayan sa sistema ng hukuman tungkol sa impormasyon sa kaso, gaano man kaangkop ayon sa kapasidad ng isang hukuman. Kung saan ang kasalukuyang pagsubaybay ng pagkakaloob o pagtanggap ay hindi posible, ang mga hukuman ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na baguhin o isapanahon ang kanilang mga sistema upang makuha ang may-kaugnayang mga datos sa pinakamaagang panahon na magagawa. (Mga Yugto 1, 2)

#3 Protokol para sa mga kasama sa hustisya upang ipabatid ang mga pangangailangang pangwika. Ang mga hukuman ay dapat magtatag ng mga protokol kung saan ang mga kasama sa hustisya ay maaaring magpabatid sa hukuman na ang isang indibidwal ay nangangailangan ng isang interpreter ng sinasalitang wika sa pinakamaagang posibleng punto ng kontak sa sistema ng hukuman. (Yugto 1)

#4 Mga mekanismo para sa LEP na mga gumagamit ng hukuman upang gumawa ng sariling pagtukoy. Ang mga hukuman ay magtatatag ng mga mekanismo na nag-iimbiba sa mga taong LEP na gumawa ng sariling pagtukoy na nangangailangan ng mga serbisyo sa pangwikang daan sa paggamit kapag nagkaroon ng kontak sa anumang bahagi ng sistema ng hukuman (paggamit, halimbawa, ng mga kard na "Ako ay nagsasalita ng"). Kung walang sariling pagtukoy, ang mga opisyal na panghukuman at mga tauhan ng hukuman ay dapat na proaktibong maghanda na tiyakin ang mga pangangailangang pangwika ng isang gumagamit ng hukuman. (Yugto 1)

#5 Impormasyon para sa mga gumagamit ng hukuman tungkol sa kahandaan ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit. Ang mga hukuman ay magbibigay-alam sa mga gumagamit ng hukuman tungkol sa kahandaan ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa pinakamaagang mga punto ng kontak sa pagitan ng mga gumagamit ng hukuman at ng hukuman. Ang paunawa ay dapat magsama, kung saan tumpak at angkop, na ang mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit ay libre. Dapat isaalang-alang ng mga hukuman na ang pangangailangan ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit ay maaaring mangyari nang mas maaga o mas huli sa proseso ng hukuman, upang ang impormasyon tungkol sa mga

serbisyong pangwika ay makuha sa buong panahon ng isang kaso. Ang mga paunawa ay dapat na nasa Ingles at hanggang limang ibang mga wika na batay sa mga pangangailangan ng lokal na komunidad na tinasa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa at impormasyon mula sa mga kasama sa hustisya, kabilang ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyong pambatas, nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon, at ibang mga entidad na nagtatrabaho sa mga populasyon na LEP. Ang paunawa ay dapat ipagkaloob sa publiko, mga kasama sa hustisya, mga ahensiya ng mga serbisyong pambatas, nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon, at ibang mga entidad na nagtatrabaho sa mga populasyon na LEP. (Yugto 1)

#6 Pagpapawak ng mga pag-uulat ng gastos sa mga serbisyong pangwika. Ang Konsehong Panghukuman at ang mga hukuman ay patuloy na magpapalawak at magpapabuti ng pagtitipon ng mga datos sa mga serbisyo ng interpreter, at palalawakin ang pag-uulat ng gastos sa mga serbisyong pangwika upang isama ang mga halagang ginasta sa ibang mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit o pag-uugnay ng mga serbisyong pangwika, nalalabing halaga ng bayad sa mga tauhang may dalawang wika, at mga tanda at mga teknolohiya sa maraming wika. Ang impormasyong ito ay napakahalaga sa pagsuporta sa mga paghiling ng pagpopondo habang ang mga hukuman ay nagpapalawak ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa mga kasong sibil. (Yugto 1)

#8 Pagpapalawak ng mga panghukumang interpreter sa lahat ng mga pamamaraang sibil. Ang mga kuwalipikadong interpreter ay dapat ipagkaloob sa mga hukuman ng California sa LEP na mga gumagamit ng hukuman sa lahat ng mga pamamaraan ng hukuman, kabilang ang mga pamamaraang sibil gaya ng binigyan ng prioridad sa seksiyon 756 ng Kodigo sa Ebidensiya (tingnan ang Apendise H), at kabilang ang pamamagitan sa Mga Serbisyo ng Hukumang Pampamilya. (Mga Yugto 1 at 2)

#9 Mga iniaatas na pansamantalang pagiging kuwalipikado. Habang hinihintay ang susog sa Mga Tuntunin ng Hukuman ng California, ang tuntunin 2.893, kapag may magandang dahilan, ang isang di-sertipikado o di-nakarehistrong panghukumang interpreter ay maaari lamang italaga sa isang pamamaraan ng hukuman sa anumang bagay, sibil o pangkrimen, pagkatapos na siya ay ipasiyang kuwalipikado sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamamaraan sa pagiging pansamantalang kuwalipikado. Ang mga pamamaraang ito ay kasalukuyang nakalagay, para sa mga bagay na pangkrimen at pagiging delinkuwenteng kabataan, sa tuntunin 2.893 (at, para sa mga bagay na sibil, ay ilalagay sa sandaling ang kasalukuyang tuntunin ng hukuman ay baguhin). (Tingnan ang Rekomendasyon 50 sa pagsasanay para sa mga opisyal na panghukuman at mga tauhan ng hukuman tungkol sa mga pamamaraan sa pansamantalang pagiging kuwalipikado, at Rekomendasyon 70, sa pagbabago ng tuntunin 2.893 upang isama ang mga kasong sibil.) (Mga Yugto 1 at 2)

#10 Pagkakaloob ng mga kuwalipikadong interpreter sa lahat ng ipinag-utos ng hukuman/pinatatakbo ng hukuman na mga pamamaraan. Magsisimula agad, habang nakahanda ang mga tagatulong, pero sa anumang pagkakataon nang hindi mas huli kaysa 2020, ang mga hukuman ay magkakaloob ng mga kuwalipikadong panghukumang interpreter sa lahat ng ipinag-utos ng hukuman, pinatatakbo ng hukuman na mga programa, serbisyo at ginaganap, sa lahat ng LEP na mga litigante, testigo, at tao na may malaking interes sa kaso. (Mga Yugto 1, 2, at 3)

#12 Pagtatangi sa mga personal na interpreter. Ang paggamit ng personal, sertipikado at nakarehistrong panghukumang interpreter ay pinipili para sa mga pamamaraan ng hukuman, pero ang mga hukuman ay maaaring magsaalang-alang ng paggamit ng malayong pagsasalin kung saan angkop ito para sa isang partikular na ginaganap. Ang malayong pagsasalin ay maaari lamang gamitin kung ito ay magpapahintulot sa LEP na mga gumagamit ng hukuman upang lubos at makabuluhang lumahok sa mga pamamaraan. (Yugto 1)

#13 Malayong pagsasalin sa silid na panghukuman. Kapag gumagamit ng malayong pagsasalin sa silid na panghukuman, ang hukuman ay dapat tumugon, hanggang magagawa, sa mga kinakailangan, isinasalang-alang, at patnubay para sa malayong pagsasalin na nakalagay sa Apendise B. (Yugto 1)

#14 Mga pinakamababang iniaatas na teknolohiya ng malayong pagsasalin. Ang Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ay magtatatag ng mga pinakamababang iniaatas na teknolohiya para sa malayong pagsasalin na patuloy na isasapanahon at isasama ang mga pinakamababang iniaatas para sa pareho ng magkakasabay at magkakasunod na pagsasalin. (Yugto 1)

#15 Paggamit ng video para sa malayong pagsasalin. Ang mga hukumang gumagamit ng malayong pagsasalin ay dapat magpunyaging magkaloob ng video, ginagamit na kaugnay ng pinahusay na kagamitang audio, para sa pagsasalin sa hukuman, sa halip na umasa sa pagsasalin sa telepono. (Yugto 1)

#16 Pagsubok para sa malayong pagsasalin sa video. Ang Konsehong Panghukuman ay dapat magsagawa ng isang pagsubok na proyekto, na katugma ng Taktikal na Plano para sa Teknolohiya 2014–2016 ng Sangay na Panghukuman. Ang pagsubok na ito ay dapat, hanggang magagawa, magtipon ng may-kaugnayang mga datos sa: mga isyu sa makatarungang proseso, kasiyahan ng kalahok, nagtataas man ang malayong pagsasalin ng paggamit ng sertipikado at nakarehistrong mga interpreter na kasalungat ng mga pansamantalang kuwalipikadong interpreter, ang pagiging mabisa ng iba't ibang makukuhang mga teknolohiya (para sa pareho ng magkakasunod at magkakasabay na pagsasalin), at isang pagsusuri ng gastos-benepisyo. Dapat linawin ng Konsehong Panghukuman na itong pagsubok na proyekto ay hindi humahadlang o pumipigil sa alinmang hukuman na patuloy na magtalaga ng malayong pagsasalin, hanggang ito ay nagpapahintulot sa mga LEP na mga gumagamit ng hukuman na lubos at makabuluhang lumahok sa mga pamamaraan. (Yugto 1)

#18 Paglikha ng ayon sa pamantayan ng mga video sa maraming wika. Ang Konsehong Panghukuman ay dapat patuloy na lumikha ng ayon sa pamantayan na mga video sa maraming wika para sa makakapal na uri ng kaso na maaaring umabot sa pangkalahatan, hindi lokal, na impormasyong pambatas, at pagkakaloob ng mga ito sa mga hukuman sa nangungunang walong wika ng estado at may kapsiyon sa ibang mga wika. (Yugto 1)

#19 Pagpapatibay ng mga kredensiyal ng mga interpreter. Simula sa Enero 2015, alinsunod sa seksiyon 68561(g) at (f), ang mga opisyal na panghukuman, kaugnay ng mga tauhang pampangasiwaan ng hukuman, ay dapat tumiyak na ang mga interpreter na itinatalaga ay kuwalipikado, wastong kumakatawan sa kanilang mga kredensiyal na nasa rekord, at nagharap sa hukuman ng kanilang mga panunumpang pampangasiwaan. (Tingnan ang Rekomendasyon 50 na tumatalakay sa pagsasanay ng mga opisyal na pampangasiwaan at mga tauhan ng hukuman sa mga paksang ito.) (Yugto 1)

#22 Pag-iwas sa mga kasalungat na interes. Kung walang madaliang kalagayan, kapag nagtatalaga ng isang di-sertipikado, di-nakarehistrong interpreter, ang mga hukuman ay hindi dapat magtatalaga ng mga taong may kasalungat na interes o pagtatangi tungkol sa bagay. (Yugto 1)

#23 Pagtatalaga ng mga menor de edad upang magsalin. Ang mga menor de edad ay hindi itatalaga upang magsalin sa mga pamamaraan sa silid na panghukuman o sa ipinag-utos na hukuman at pinatatakbo ng hukuman na mga aktibidad. (Yugto 1)

#25 Pagtatalaga ng opisina o kinatawan sa pangwikang daan sa paggamit. Ang hukuman sa bawat county ay magtatalaga ng isang opisina o tao na naglilingkod bilang tagatulong sa pangwikang daan sa paggamit para sa lahat ng mga gumagamit ng hukuman, gayon din ng mga tauhan ng hukuman at mga opisyal na panghukuman. Ang tao o mga taong ito ay dapat na may kakayahang: ilarawan ang lahat ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng hukuman at kung anu-anong mga serbisyo ang hindi nito ipinagkakaloob, gamitin at ibahagi ang lahat ng mga nakasulat na impormasyon ng hukuman sa maraming wika gaya ng hiniling, at tulungan ang LEP na mga gumagamit ng hukuman at mga tauhan ng hukuman na mahanap ang mga tagatulong sa pangwikang daan sa paggamit sa hukuman. (Yugto 1)

#26 Pagtukoy sa mga napakahalagang punto ng kontak. Dapat matukoy ng mga hukuman kung aling mga punto ng kontak ang pinakamahalaga para sa LEP na mga gumagamit ng hukuman, at, tuwing magagawa, dapat maglagay ng kuwalipikadong mga tauhang may dalawang wika sa mga lokasyong ito. (Tingnan ang Rekomendasyon 47, na tumatalakay sa mga posibleng pamantayan para sa angkop na antas ng kuwalipikasyon ng mga tauhang may dalawang wika sa mga lokasyong ito.) (Yugto 1)

#28 Pagkalap ng mga tauhang may dalawang wika. Ang mga hukuman ay dapat magpunyaging kumalap ng mga tauhang may dalawang wika na matatas sa mga wikang pinakakaraniwan sa county na iyon. Upang paramihin ang bilang ng aplikanteng may dalawang wika, ang mga hukuman ay dapat magsagawa ng pakikipag-ugnayan sa mga tagapagkaloob na pang-edukasyon sa komunidad, tulad ng mga lokal na mataas na paaralan, mga kolehiyo ng komunidad, at mga unibersidad, upang itaguyod ang mga pagkakataong pangkarera na makukuha ng mga taong may dalawang wika sa mga hukuman. (Yugto 1)

#34 Paggamit ng mga boluntaryong may dalawang wika. Ang mga hukuman ay dapat magsaalang-alang ng paggamit ng mga boluntaryong may dalawang wika upang magkaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa mga punto ng kontak na iba sa mga pamamaraan ng hukuman, kung saan angkop. Ang mga boluntaryo at interno na may dalawang wika ay dapat na wastong sanayin at pangasiwaan. (Yugto 1)

#36 Pagtatatag ng komite sa pagsasalin. Ang Konsehong Panghukuman ay lilikha ng isang komite sa pagsasalin upang buuin at isapormal ang isang protokol sa pagsasalin para sa mga pagsasalin ng mga porma ng konsehong panghukuman, nakasulat na materyal, at kasangkapan para sa pandinig at paningin. Ang komite ay dapat makipagtulungan sa mga organisasyon ng interpreter at mga hukuman upang bumuo ng isang glosaryong pambatas sa lahat ng mga sertipikadong wika, isinasaalang-alang ang mga panrehiyong pagkakaiba, upang panatilihin ang katatagan sa pagsasalin ng mga katawagang pambatas. Ang mga responsibilidad ng komite ay magsasama rin ng pagtukoy sa mga kuwalipikasyon para sa mga tagasalin, at pag-uuna, pag-uugnay, at pangangasiwa ng pagsasalin ng mga materyal. Ang kuwalipikasyon ng mga tagasalin ay dapat kasama ang iniaatas na magkaroon ng espesyalidad sa hukuman o batas at dapat na may akreditasyon ng American Translators Association (ATA), o ipinasiyang kuwalipikadong magkaloob ng mga pagsasalin batay sa karanasan, edukasyon, at pagrekomenda. Sa sandaling maitatag ang protokol sa pagsasalin ng Konsehong Panghukuman, ang mga indibidwal na hukuman ay dapat magtatag ng katulad na pagkontrol ng kalidad at mga pamamaraan sa pagsasalin para sa mga lokal na porma, mga materyal na pang-impormasyon, mga pagrekord, at video na naglalayong magkaloob ng impormasyon sa publiko. Ang impormasyon sa website ng lokal na hukuman ay dapat gumamit ng katulad na mga kuwalipikadong tagasalin. Ang mga hukuman ay hinihimok na makipagtulungan sa mga lokal na organisasyong pangkomunidad upang makamit ang rekomendasyong ito. (Yugto 1)

#37 Pambuon-estadong mga halimbawa at template sa maraming wika. Ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay makikipatulungan sa mga hukuman upang magkaloob ng mga halimbawa at template ng impormasyon sa maraming wika para sa mga gumagamit ng hukuman na angkop sa buong estado at maiaagpang para sa lokal na paggamit. (Yugto 1)

#38 Paglalagay ng mga pagsasalin sa web. Ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay maglalagay sa website ng Mga Hukuman ng California ng mga nakasulat na pagsasalin ng mga porma at mga materyal na pang-impormasyon at pang-edukasyon para sa publiko habang naihahanda ang mga ito at magpapadala ng paunawa sa mga hukuman ng kahandaan ng mga ito upang magawa ng mga hukuman ang pag-uugnay sa mga paglalagay na ito mula sa kanilang mga sariling website. (Yugto 1)

#40 Pagsasalin ng mga utos ng hukuman. Ang mga hukuman ay magkakaloob ng pampaningin na pagsasalin ng mga utos ng hukuman at dapat magsaalang-alang ng pagkakaloob ng mga nakasulat na salin ng mga utos na ito sa mga taong LEP kapag kailangan. Sa pinakamababa, ang mga hukuman ay dapat magkaloob ng isinaling bersiyon na may-kaugnayang porma ng Konsehong Panghukuman upang makatulong sa mga litigante na ikumpara ang kanilang ispesipikong utos ng hukuman sa isinaling template na porma. (Yugto 1)

#43 Mga pamantayan para sa mga kuwalipikasyon ng mga interpreter. Ang mga hukuman, Konsehong Panghukuman, at ang Nagpapayong Panel ng mga Panghukumang Interpreter (Court Interpreters Advisory Panel, CIAP) ay titiyak na ang lahat ng mga interpeter na nagkakaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa limitado ang kasanayan sa Ingles na mga gumagamit ng hukuman ay kuwalipikado at may-kakayahan. Ang mga kasalukuyang pamantayan para sa mga kuwalipikasyon ay dapat manatiling may-bisa at rerepasuhin nang palagian ng CIAP. (Yugto 1)

#44 Online na oryentasyon para sa mga bagong interpreter. Ang online na pambuong-estadong programang oryentasyon ay patuloy na makukuha upang padaliin ang pagsasanay na oryentasyon para sa mga bagong interpreter na nagtatrabaho sa mga hukuman. (Yugto 1)

#45 Pagsasanay para sa maaaring maging mga interpreter. Ang Konsehong Panghukuman at ang mga hukuman ay dapat makipagtulungan sa mga organisasyon ng interpreter at mga tagapagkaloob na pang-edukasyon (kabilang ang mga sistema ng kolehiyo ng komunidad unibersidad ng estado ng California) upang suriin ang mga paraan upang mas mahusay na ihanda ang maaaring maging mga interpreter upang ipasa ang pagsusulit sa pagkredensiyal. Ang mga pagsisikap na ito ay dapat kabilang ang:

- Pakikipagtulungan upang bumuo ng posibleng kurso at pagsubok bilang paghahanda sa pagsusulit, at
- Paglikha ng mga pagkakataon sa pag-interno at pagtuturo sa mga hukuman at sa mga kaugnay na kapaligirang pambatas (tulad ng pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng mga serbisyong pambatas o ibang mga propesyonal na pambatas) upang tumulong na sanayin at ihanda ang maaaring maging mga interpreter sa lahat ng mga lugar na pambatas.

(Yugto 1)

#46 Pagsasanay para sa mga Interpreter sa mga kasong sibil at malayong pagsasalin.

Ang Konsehong Panghukuman, mga organisasyon ng interpreter, at mga grupong pang-edukasyon ay dapat makipagtulungan upang lumikha ng mga programang pagsasanay para sa mga magsasalin sa mga kasong sibil at sa mga magkakaloob ng malayong pagsasalin. (Yugto 1)

#47 Mga pamantayan sa kasanayan sa wika para sa mga tauhang may dalawang wika.

Dapat tiyakin ng mga hukuman na ang mga tauhang may dalawang wika na nagkakaloob ng impormasyon sa LEP na mga gumagamit ng hukuman ay sanay sa mga wika na sila ay nakikipagtalastasan. Lahat ng mga tauhang itinalaga bilang mga tauhang may dalawang wika ng mga hukuman ay dapat makatugon sa mga pamantayan na katugma ng “intermediate mid” gaya ng nilinaw sa ilalim ng mga patnubay ng Amerikanong Konseho sa Pagtuturo ng mga Banyagang Wika. (Tingnan ang Apendise F.) Ang kasalukuyang Pasalitang Iksamen ng Kasanayan na makukuha sa pamamagitan ng yunit ng Programang Suporta sa Pangwikang Daan sa Paggamit sa Hukuman (Court Language Access Support Program, CLASP) ng Konsehong Panghukuman ay maaaring gamitin ng mga hukuman upang itatag ang kasanayan sa banyagang wika ng mga tauhan. Ang mga hukuman ay hindi dapat umasa sa sariling pagtaya ng mga tauhang may dalawang wika sa pagpapasiya ng kanilang kasanayan sa wika. (Yugto 1)

#48 Mga Pamantayan at online na pagsasanay para sa mga tauhang may dalawang wika.

Higit sa tinukoy na pinakamababa, ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay makikipagtulungan sa mga hukuman upang (a) tukuyin ang mga pamantayan ng kasanayan sa wika para sa mga ispesikong punto ng pampublikong kontak sa loob ng hukuman, at (b) bumuo at magpatupad ng isang online na pagsasanay para sa mga tauhang may dalawang wika. (Yugto 1)

#50 Pagsasanay ng sangay na panghukuman tungkol sa Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit.

Ang mga opisyal na panghukuman, kabilang ang mga pansamantalang hukom, mga tagapangasiwa ng hukuman, at mga tauhan ng hukuman ay tatanggap ng pagsasanay tungkol sa mga patakaran at iniaatas na kaugnay ng pangwikang daan sa paggamit ng sangay na panghukuman gaya ng nilinaw sa Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit, gayon din ang mga patakaran at pamamaraan ng kanilang mga indibidwal na hukuman. Ang mga hukuman ay dapat magtakda ng karagdagang pagsasanay kapag ang mga patakaran ay isinasapanahon o binabago. Ang mga pagsasanay na ito ay dapat kabilang ang:

- Ang mga pinakamagaling na paraan para sa pamamahala ng mga pamamaraan ng hukuman na kaugnay ang mga interpreter, kabilang ang pagkaunawa ng paggamit at pagtutuon ng isip na kinakailangan para sa pagsasalin, ang mga hamon ng pagkapagod ng interpreter, ang pangangailangan na kontrolin ang mabibilis na pagsasalita at pag-uusap, at pagsasaalang-alang sa pagsasalin ng pangkat kung saan angkop;
- Ang etikal na tungkulin ng interpreter upang linawin ang mga isyu sa panahon ng pagsasalin at upang iulat ang mga hadlang sa pagganap;
- Mga iniaatas na pamamaraan para sa pagtatalaga at paggamit ng isang pansamantalang kuwalipikadong interpreter at para sa pagtalikdan ng LEP na mga gumagamit ng hukuman, kung hiniling, ng mga serbisyo ng interpreter;

- Ang mga iniaatas na pambatas para sa pagtatatag, na nasa rekord, ng mga kredensiyal ng interpreter;
- Nakahandang mga teknolohiya at pinakamababang mga pamantayang teknikal at sa pagpapatakbo para sa pagkakaloob ng malayong pagsasalin; at
- Pakikipagtulungan sa LEP na mga gumagamit ng hukuman sa isang paraan na may kakayahang pangkultura.

Ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay bubuo ng kurikulum para sa mga pagsasanay, gayon din ng mga manwal ng tagatulong na tumutugon sa lahat ng mga sangkap ng pagsasanay, at ipamamahagi ang mga ito sa lahat ng mga hukuman para sa pag-aagpang sa mga lokal na pangangailangan. (Yugto 1)

#52 Mga bench card sa pangwikang daan sa paggamit. Ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay dapat bumuo ng mga bench card na nagsasabuo ng mahahalagang patakaran at pamamaraan sa pangwikang daan sa paggamit at mga nakahandang tagatulong upang tulungan ang mga opisyal ng bench sa pagtugon sa mga isyu ng pangwikang daan sa paggamit na lumitaw sa hukuman, kabilang ang mga patakaran na may kaugnayan sa malayong pagsasalin. (Yugto 1)

#56 Pagtatatuguyod para sa sapat na pagpopondo. Ang sangay na panghukuman ay magtataguyod para sa sapat na pagpopondo upang magkaloob ng masasaklaw na serbisyo sa pangwikang daan sa paggamit. Ang mga kahilingan sa pagpopondo ay dapat magpakita ng unti-unting pagpapasok ng Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit, at dapat maghangad na tiyakin na ang mga kahilingan ay hindi nakahahadlang sa pagpopondo para sa ibang mga serbisyo o pagpapatakbo ng hukuman. (Yugto 1)

#57 Paggamit ng mga datos para sa mga paghiling ng pagpopondo. Ang mga paghiling ng pagpopondo para sa masasaklaw na serbisyo sa pangwikang daan sa paggamit ay dapat ibatay sa pinakamahusay na makukuhang mga datos na tumutukoy sa mga tagatulong na kailangan upang ipatupad ang mga rekomendasyon nitong Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit. Maaaring kabilang dito ang impormasyong tinitipon na may kaugnayan sa huling desisyon ng Konsehong Panghukuman upang palawakin ang paggamit ng mga pondo ng Programang 45.45 para sa mga kasong sibil kung saan ang mga partido ay mahihirap; ang impormasyong tinitipon para sa Ulat na Paggamit ng Interpreter at Pangangailangan sa Wika ng 2015; at impormasyon na maaaring tuusin mula sa Pag-aaral sa Pagtasa ng Tagatulong (na tumitingin sa dami ng trabaho ng mga tauhan ng hukuman), gayon din ang mga rekord ng hukuman (halimbawa, mga rekord ng tulong sa sarili tungkol sa LEP na mga gumagamit ng hukuman). (Yugto 1)

#58 Paghahangad ng Konsehong Panghukuman ng ibang mga pagkakataon sa pagpopondo. Ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay maghahangad ng angkop na mga pagkakataon sa pagpopondo mula sa pederal, pang-estado, o di-nagtutubong mga entidad tulad ng Pambansang Sentro para sa mga Hukuman ng Estado, na partikular na angkop para sa isang-beses na mga proyekto, halimbawa, pagsasalin ng mga dokumento o paggawa ng mga video. (Yugto 1)

#59 Paghahangad ng mga hukuman ng ibang mga pagkakataon sa pagpopondo. Ang mga hukuman ay dapat maghangad ng angkop na mga pagkakataon sa pagpopondo sa pambansa, pang-estado, lokal na antas upang suportahan ang pagkakaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit. Ang mga hukuman ay dapat maghangad, halimbawa, ng isang-beses o patuloy na mga gawad mula sa mga pundasyon ng pampublikong interes, pang-estado o lokal na mga kapisanan sa abugasya, pederal, pang-estado, o lokal na pamahalaan, at iba pa. (Yugto 1)

#60 Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ng Pangwikang Daan sa Paggamit. Ang Konsehong Panghukuman ay lilikha ng Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ng Pangwikang Daan sa Paggamit (ang pangalan ay pagpapasiyahan pa) upang bumuo ng plano sa pagpapatupad para iharap sa konseho. Ang mga miyembro ng Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ay dapat kabilang ang mga kinatawan ng mga pangunahing apektado sa pagkakaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit sa mga hukuman, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga opisyal na panghukuman, mga tagapangasiwa ng hukuman, mga panghukumang interpreter, mga tagapagkaloob ng mga serbisyong pambatas, at mga abugado na karaniwang nagtatrabahong kasama ng LEP na mga gumagamit ng hukuman. Bilang bahagi ng tungkulin nito, ang puwersang tagakilos ay tutukoy sa mga gastos na kaugnay ng pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng LAP. Ang Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ay makikipag-ugnayan sa mga kaugnay na nagpapayong grupo at mga tauhan ng Konsehong Panghukuman sa Pagpapatupad, at magkakaroon ng kakayahang mag-agpang upang subaybayan at iagpang ang mga plano sa pagpapatupad batay sa kakayahang maisagawa at mga nakahandang tagatulong. (Yugto 1)

#61 Sistema ng pagsunod at pagsubaybay. Ang Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ay magtatatag ng mga kailangang sistema para sa pagsubaybay ng pagsunod sa Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit na ito. Magiging kabilang dito ang pangangasiwa ng mga epekto ng plano sa pambuong-estadong pangwikang daan sa paggamit at sa antas ng indibidwal na hukuman, at pagtasa ng pangangailangan para sa patuloy na pag-aakma at pagpapabuti sa plano. (Yugto 1)

#62 Nag-iisang porma para sa reklamo. Ang Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ay bubuo ng nag-iisang porma, makukuha sa buong estado, kung saan dapat magtala ng reklamo laban sa pagkakaloob, o kabiguang magkaloob, ng pangwikang daan sa paggamit. Ang pormang ito ay dapat na maging payak, maayos, at madaling gamitin hanggang magagawa. Ang porma ay makukuha sa pareho ng papel sa hukuman at online, at magagawang kumpletuhin sa paraang elektronikal o i-download para sa paglilimbag at pagkumpleto nang nakasulat. Ang mga reklamo ay maglilingkod din bilang isang mekanismo upang subaybayan ang mga inaalala na may kaugnayan sa pangwikang daan sa paggamit sa antas na lokal o pambuong-estado. Ang porma ay dapat gamitin bilang bahagi ng maraming prosesong tinukoy sa mga sumusunod na rekomendasyon ng planong ito. (Yugto 1)

#63 Mga reklamo sa lokal na antas tungkol sa mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit. Ang mga indibidwal na hukuman ay bubuo ng isang proseso kung saan ang LEP na mga gumagamit ng hukuman, ang kanilang mga tagapagtaguyod at abugado, o ibang mga interesadong tao ay maaaring magharap ng reklamo tungkol sa pagkakaloob, o kabiguang magkaloob, ng hukuman ng mga angkop na serbisyong pangwikang daan sa paggamit, kabilang ang mga isyu na may kaugnayan sa lokal na ginawang mga pagsasalin. Ang mga lokal na hukuman ay maaaring pumiling itulad ang kanilang mga lokal na pamamaraan sa mga binuo bilang bahagi ng proseso ng pagpapatupad. Ang mga reklamo ay dapat iharap sa hukuman na bahagi ng isyu at iulat sa Konsehong Panghukuman upang tumulong sa patuloy na pagsubaybay ng kabuang pagpapatupad at tagumpay ng Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit. (Yugto 1)

#66 Pambuong-estadong tipunan ng mga tagatulong sa pangwikang daan sa paggamit. Ang Konsehong Panghukuman ay dapat lumikha ng isang pambuong-estadong tipunan ng mga tagatulong sa pangwikang daan sa paggamit, naroroon man o bubuuin, na kabilang ang mga isinaling materyal, mga kasangkapan para sa pandinig at paningin, at ibang mga materyal na tinukoy sa planong ito upang tulungan ang mga hukuman sa mga pagsisikap na palawakin ang pangwikang daan sa paggamit. (Yugto 1)

#67 Pagpapatibay ng plano ng mga Hukuman ng Apela ng California at Korte Suprema ng California. Ang mga Hukuman ng Apela ng California at ang Korte Suprema ng California ay dapat tumalakay at magpatibay ng mga angkop na bahagi nitong Plano sa Pangwikang Daan sa Paggamit na may mga kailangang pagbabago. (Yugto 1)

#69 Mga pamamaraan at patnubay para sa magandang dahilan. Ang Konsehong Panghukuman ay dapat magtatag ng mga pamamaraan at patnubay para sa pagpapasiya ng “magandang dahilan” upang magtalaga ng walang-kredensiyal na mga panghukumang interpreter sa mga bagay na sibil. (Yugto 1)

#70 Baguhin ang tuntunin ng hukuman para sa pagtatalaga ng mga interpreter sa mga pamamaraang sibil. Dapat baguhin ng Konsehong Panghukuman ang tuntunin 2.893 ng hukuman upang tugunan ang pagtatalaga ng walang-kredensiyal na mga interpreter sa mga pamamaraang sibil. (Yugto 1)

#75 Patakaran tungkol sa pagtalikdan sa interpreter. Ang Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ay bubuo ng isang patakarang tutugon sa paghiling ng isang LEP na mga gumagamit ng hukuman ng isang pagtalikdan sa mga serbisyo ng interpreter. Ang patakaran ay tutukoy sa mga pamantayan upang tiyakin na ang anumang pagtalikdan ay may-kaalaman, matalino, at boluntaryo, ginawa pagkatapos sumangguni ang tao sa abugado; at inaprobahan ng angkop na opisyal na panghukuman, ginagamit ang kanyang pagpapasiya. Ang patakaran ay tutugon sa anumang ibang mga bagay na kailangan upang matiyak na ang pagtalikdan ay angkop, kabilang ang: pagpapasiya kung ang interpreter ay kailangan upang matiyak na alam na ginawa ang pagtalikdan; pagtiyak na ang pagtalikdan ay ipinasok sa rekord, o nakasulat kung walang opisyal na rekord ng mga pamamaraan; at pag-aatas na ang isang partido ay maaaring humiling kahit kailan, o ang hukuman ay maaaring gumawa ng sarili nitong mosyon, ng isang

utos na nagpapawalang-saysay sa pagtalikdan at pagtatalaga ng interpreter para sa lahat ng iba pang mga pamamaraan. Ang patakaran ay dapat magpakita ng inaasahan na ang mga pagtalikdan ay bihirang gamitin dahil sa daan sa mga libreng serbisyo ng interpreter at ang pagpapatupad ng Puwersang Tagakilos ay susubaybay sa paggamit ng pagtalikdan upang tumulong sa pagtukoy ng anumang kailangang mga pagbabago sa patakaran. (Yugto 1)

YUGTO 2: Ang mga rekomendasyong ito ay napakahalaga, pero hindi gaanong apurahan o maaaring mangailangan ng pagkumpleto ng mga gawain ng Yugto 1. Ang pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito ay maaaring magsimula agad, kung magagawa, at dapat magsimula sa mga taon 2–3 (2016–2017).

#2 Mga paghiling ng mga serbisyong pangwika. Ang pagkakaloob o pagtanggap ng hukuman sa mga serbisyong pangwika ay dapat subaybayan sa sistema ng hukuman sa impormasyon sa kaso, gaano man kaangkop ayon sa kapasidad ng isang hukuman. Kung saan ang kasalukuyang pagsubaybay ng pagkakaloob o pagtanggap ay hindi posible, ang mga hukuman ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na baguhin o isapanahon ang kanilang mga sistema upang makuha ang may-kaugnayang mga datos sa pinakamaagang panahon na magagawa. (Mga Yugto 1, 2)

#7 Pagrepasso ng ibang mga datos na higit sa U.S. Census. Ang Konsehong Panghukuman at ang mga hukuman ay dapat magtipon ng mga datos upang mahulaan ang mga bilang at wika ng malamang maging LEP na mga gumagamit ng hukuman. Tuwing ang mga datos ay tinitipon, kabilang ang para sa mga layuning ito, ang mga hukuman at ang Konsehong Panghukuman ay dapat tumingin sa ibang mga pinagkukunan ng mga datos na higit sa U.S. Census, tulad ng mga sistema ng paaralan, mga kagawaran ng kalusugan, mga serbisyong panlipunan ng county, at mga ahensiyang nakabase sa lokal na komunidad. (Yugto 2)

#8 Pagpapalawak ng mga panghukumang interpreter sa lahat ng mga pamamaraang sibil. Ang mga kuwalipikadong interpreter ay dapat ipagkaloob sa mga hukuman ng California sa LEP na mga gumagamit ng hukuman sa lahat ng mga pamamaraan ng hukuman, kabilang ang mga pamamaraang sibil gaya ng binigyan ng priyoridad sa seksiyon 756 ng Kodigo sa Ebidensiya (tingnan ang Apendise H), at kabilang ang pamamagitan sa Mga Serbisyo ng Hukumang Pampamilya. (Mga Yugto 1 at 2)

#9 Mga iniaatas na pansamantalang pagiging kuwalipikado. Habang hinihintay ang pagbabago sa Mga Tuntunin ng Hukuman ng California, ang tuntunin 2.893, kapag may magandang dahilan, ang isang di-sertipikado o di-nakarehistrong panghukumang interpreter ay maaari lamang italaga sa isang pamamaraan ng hukuman sa anumang bagay, sibil o pangkrimen, pagkatapos na siya ay ipasiyang kuwalipikado sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamamaraan sa pagiging pansamantalang kuwalipikado. Ang mga pamamaraang ito ay kasalukuyang nakalagay, para sa mga bagay na pangkrimen at pagiging delinkuente ng kabataan, sa tuntunin 2.893 (at, para sa mga bagay na sibil, ay ilalagay sa sandaling ang kasalukuyang tuntunin ng hukuman ay baguhin). (Tingnan ang Rekomendasyon 50, sa pagsasanay para sa mga opisyal na panghukuman at mga tauhan ng hukuman tungkol

sa mga pamamaraan sa pansamantalang pagiging kuwalipikado, at Rekomendasyon 70, sa pagbabago ng tuntunin 2.893 upang isama ang mga kasong sibil.) (Mga Yugto 1 at 2)

#10 Pagkakaloob ng mga kuwalipikadong interpreter sa lahat ng ipinag-utos ng hukuman/pinatatakbo ng hukuman na mga pamamaraan. Magsisimula agad, habang nakahanda ang mga tagatulong, pero sa anumang pagkakataon nang hindi mas huli kaysa 2020, ang mga hukuman ay magkakaloob ng mga kuwalipikadong interpreter ng hukuman sa lahat ng ipinag-utos ng hukuman, pinatatakbo ng hukuman na mga programa, serbisyo at ginaganap, sa lahat ng LEP na mga litigante, testigo, at tao na may malaking interes sa kaso. (Mga Yugto 1, 2, at 3)

#11 Pagsasaalang-alang sa daan sa paggamit ng mga tagapagkaloob ng serbisyong pangwika sa paggawa ng mga utos ng hukuman. Ang isang indibidwal na LEP ay hindi dapat utusang lumahok sa isang ipinag-utos ng hukuman na programa kung ang programang iyon ay hindi nagkakaloob ng angkop na mga serbisyo sa pangwikang daan sa paggamit. Kung ang isang opisyal na panghukuman ay hindi nag-uutos ng paglahok sa mga serbisyo dahil sa kawalan ng kapasidad na pangwika ng programa, ang hukuman ay dapat mag-utos sa litigante na lumahok sa isang angkop na alternatibong programa na nagkakaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit para sa LEP na gumagamit ng hukuman. Sa paggawa ng mga pagpapasiya at utos, ang hukuman ay dapat magsiyasat kung ang programa ay nagkakaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit upang matiyak ang kakayahan ng LEP na gumagamit ng hukuman na matugunan ang mga iniaatas ng hukuman. (Yugto 2)

#17 Pagsubok para sa sentral na pinagkukunan ng mga interpreter ng malayong nagsasalin. Upang isagad ang paggamit at kahandaan ng lubos na sanay na sertipikado at nakarehistrong mga interpreter ng California, dapat isaalang-alang ng Konsehong Panghukuman ang paglikha ng isang pagsubok na programa na sa pamamagitan nito ay makukuha ang sertipikado at nakarehistrong mga interpreter sa lahat ng mga hukuman sa maikling paunawa upang magkaloob ng malalayong serbisyong pagsasalin. (Yugto 2)

#20 Pagpapalawak ng panrehiyong sistema ng pag-uugnay. Dapat palawakin ng Konsehong Panghukuman ang mga kasalukuyang pormal na panrehiyong sistema ng pag-uugnay upang pabutihin ang pagiging episyente sa pag-iskedyul ng interpreter para sa mga pamamaraan ng hukuman at pagtatalaga sa iba't ibang mga hukuman sa buong estado. (Tingnan ang Rekomendasyon 30, pagtugon sa pag-uugnay para sa mga tauhang may dalawang wika at mga interpreter para sa mga ginaganap sa labas ng hukuman.) (Yugto 2)

#21 Mga paraan ng pagkalendaryo at pag-uugnay ng mga interpreter ng hukuman. Ang mga hukuman ay dapat patuloy na bumuo ng mga paraan para sa paggamit ng mga interpreter nang mas episyente at mabisa, kabilang ang pero hindi limitado sa pag-uugnay ng kalendaryo. Ang mga hukuman ay dapat bumuo ng mga sistemang ito sa isang paraan na hindi nagpapahina ng loob ng LEP na mga gumagamit ng hukuman sa pagkuha ng mga serbisyo ng hukuman. (Yugto 2)

#24 Pagtatalaga ng mga tauhang may dalawang wika. Kung walang madaliang kalagayan, ang mga hukuman ay dapat umiwas sa pagtatalaga ng mga tauhang may dalawang wika ng hukuman upang magsalin sa mga pamamaraan ng hukuman; kung ang hukuman ay nagtalaga ng tauhan, siya ay dapat tumugon sa lahat ng mga iniaatas sa pansamantalang kuwalipikasyon. (Yugto 2)

#27 Pagkakaloob ng mga kasangkapan sa pangwikang daan sa paggamit sa mga tauhan ng hukuman. Lahat ng mga tauhan ng hukuman na nakikipag-ugnayan sa publiko ay magkakaroon ng daan sa mga kasangkapang pangwika, tulad ng mga isinaling mateyal at tagatulong, mga glosaryo sa maraming wika at mga kard na “Ako ay nagsasalita ng,” upang malaman ang katutubong wika ng gumagamit ng hukuman, ituro sa kanya ang itinalagang lokasyon para sa mga serbisyong pangwika, at/o magkaloob sa indibidwal na LEP ng mga munting aklat, tagubilin, o ibang impormasyon sa angkop na wika. (Yugto 2)

#29 Pagbuo ng mga protokol para sa lugar na ang mga tauhang may dalawang wika ay hindi makukuha. Ang mga hukuman ay bubuo ng mga nakasulat na protokol o pamamaraan upang matiyak na ang LEP na mga gumagamit ng hukuman ay makakukuha ng sapat na mga serbisyong pangwika kung saan ang mga tauhang may dalawang wika ay hindi makukuha. Halimbawa, ang tagapag-ugnay ng panghukumang interpreter ay matatawagan upang tukuyin kung aling mga interpreter o mga tauhan ang nakahanda at angkop na magkaloob ng mga serbisyo sa opisina ng klerk o sentro ng sariling tulong. Dagdag dito, ang paggamit ng mga pangmalayong teknolohiya tulad ng panteleponong daan sa paggamit ng mga tauhang may dalawang wika na nasa ibang lokasyon o ang malayong pagsasalin ay maaaring itatag. (Yugto 2)

#30 Mga patakaran na nagtataguyod ng pagbahagi ng mga tauhang may dalawang wika at mga interpreter sa ibang mga hukuman. Dapat isaalang-alang ng Konsehong Panghukuman ang pagpapatibay ng mga patakaran na nagtataguyod ng pagbahagi ng mga tauhang may dalawang wika at sertipikado at nakarehistrong panghukumang interpreter sa ibang mga hukuman, paggamit ng mga pangmalayong teknolohiya, para sa tulong na pangwika sa labas ng mga pamamaraan ng hukuman. (Yugto 2)

#31 Pagsubok para sa malayong tulong sa mga counter at sa mga sentro ng sariling tulong. Ang mga hukuman at ang Konsehong Panghukuman ay dapat magsaalang-alang ng isang pagsubok na ipatupad ang paggamit ng mga serbisyo ng malayong interpreter para sa tulong sa counter at mga sentro ng sariling tulong, isinasama ang magkakaibang solusyon, kabilang ang binabayaran ng hukuman na nakabase sa cloud na bayad para sa serbisyo na mga huwaran o isang hukuman/sentralisadong tipunan ng mga propesyonal na may dalawang wika. (Yugto 2)

#32 Pagsubok para sa malayong tulong para sa mga talakayan. Dapat isaalang-alang ng mga hukuman ang isang pagsubok upang ipatupad ang para sa mga hukuman, malayong pagdalo sa mga talakayan, mga pagsasanay, o “mga karapatan sa impormasyon” na isinasagawa sa mga wikang hindi Ingles na gumagamit ng iba't ibang kagamitan, kabilang ang komperensiya sa telepono, video (WebEx, Skype), o ibang mga teknolohiya. (Yugto 2)

#33 Mga kuwalipikasyon ng itinalaga ng hukuman na mga propesyonal. Sa mga bagay sa LEP na mga gumagamit ng hukuman, ang mga hukuman ay dapat magpasiya na ang mga itinalaga ng hukuman na mga propesyonal, tulad ng mga sikologo, tagapamagitan, at tagapangalaga, ay maaaring magkaloob ng mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit bago mag-utos o magrekomenda sa LEP na mga gumagamit ng hukuman sa mga propesyonal na ito. Kung walang naturang kakayahang pangwika, ang mga hukuman ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na tumukoy o pumasok sa mga kontrata sa mga tagapagkaloob na kayang mag-alok ng naturang mga kakayahang pangwika, bilang mga propesyonal na may dalawang wika na maaaring magkaloob ng serbisyo sa ibang wika o sa pamamagitan ng mga kuwalipikadong interpreter. (Yugto 2)

#39 Mga tanda sa buong hukuman. Ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay dapat tumulong sa mga hukuman sa pamamagitan ng pagkaloob ng mga pagsasalin sa payak na wika ng pinakaraniwan at may-kaugnayang mga tanda na malamang gamitin sa isang hukuman, at magkaloob ng patnubay sa paggamit ng mga icon, simbolo, at pagpapakita na kinikilala sa buong mundo upang limitahan ang pangangailangan para sa teksto at, dahil dito, sa pagsasalin. Kung ang mas lokal na mga tanda ay kinakailangan, ang mga hukuman ay dapat magkaroon ng mga pampublikong tanda sa Ingles at isinalin sa hanggang limang ibang mga wika na batay sa mga pangangailangan ng lokal na komunidad na tinasa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa at impormasyon mula sa mga kasama sa hustisya, kabilang ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyong pambatas, nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon, at ibang mga entidad na nagtatrabaho sa mga populasyon na LEP. Sa pinakamababa, lahat ng mga naturang materyal ay dapat makuha sa Ingles at Espanyol. (Yugto 2)

#41 Madaling puntahan na mga hukuman. Ang Konsehong Panghukuman, nakikipagtulungan sa mga hukuman, ay dapat tumiyak na ang mga pagsisikap sa konstruksiyon ng bagong hukuman, gayon din ang muling pagdisenyo ng kasalukuyang espasyo ng hukuman, ay isinasagawa na may pagsasaalang-alang na gawin ang mga hukuman na mas madaling magamit ng lahat ng mga taong LEP. (Yugto 2)

#42 Mga estratehiya sa paghahanap ng daan. Ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay magkaloob ng impormasyon sa mga hukumang interesado sa mas mahusay na estratehiya sa paghahanap ng daan, nasa maraming wika (istatiko at dinamiko) na mga tanda, at ibang mga estratehiya sa disenyo na nakapokus sa pagtulong sa LEP na mga gumagamit ng hukuman. (Yugto 2)

#49 Mga estratehiya sa pagkalap para sa mga tagapagkaloob ng pangwikang daan sa paggamit. Ang mga tauhan ng Konsehong Panghukuman ay makikipagtulungan sa mga tagapagkaloob na pang-edukasyon, nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon, at mga organisasyon ng interpreter upang tukuyin ang mga estratehiya sa pagkalap, kabilang ang pagsasaalang-alang sa mga kalagayan ng pamilihan, upang himukin ang mga indibidwal na may dalawang wika na pagsikapan ang propesyon sa pagsasalin o mga pagkakataon sa pagtatrabaho sa mga hukuman bilang mga tauhang may dalawang wika. (Yugto 2)

#51 Mga tagatulong sa pangwikang daan sa paggamit sa intranet. Ang impormasyon tungkol sa mga lokal at pambuong-estadong tagatulong sa pangwikang daan sa paggamit, pagsasanay at mga sangkap na pang-edukasyon na tinukoy sa buong planong ito, mga glosaryo, tanda, at ibang mga kasangkapan para sa pagkakaloob ng pangwikang daan sa paggamit ay dapat na madaling makuha ng lahat ng mga tauhan ng hukuman sa pamamagitan ng mga intranet ng indibidwal na hukuman. (Mga Yugto 2 at 3)

#64 Mga reklamo tungkol sa mga panghukumang interpreter. Ang Konsehong Panghukuman, kasama ng mga apektado, ay bubuo ng isang proseso na magagamit upang ang kalidad at katumpakan ng mga kasanayan ng isang interpreter at pagsunod sa mga etikal na iniaatas ay marepaso. Ang prosesong ito ay magpapahintulot ng angkop na aksiyong panremedyo, kung saan kinakailangan, upang matiyak na ang sertipikado at nakarehistrong mga interpreter ay tumutugon sa lahat ng mga pamantayan sa kuwalipikasyon. Ang pagbuo ng proseso ay dapat magsama ng pagpapasiya kung ang Tuntunin 2.891 ng Hukuman ng California (tungkol sa panahong pagrepaso ng mga kasanayan ng panghukumang interpreter at propesyonal na pagkilos) ay dapat gamitin, pawalang-saysay, o panatilihin sa lugar. Sa sandaling malikha ang proseso ng pagrepaso, ang impormasyon tungkol sa kung paano ito maaaring simulan ay dapat na malinaw na ipabatid sa mga tauhan ng hukuman, opisyal na panghukuman, abugado, at sa payak na pananalita sa mga gumagamit ng hukuman (halimbawa, mga taong LEP at mga kasama sa hustisya). (Yugto 2)

#68 Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad upang tayahin ang pangangailangan ng mga pagsasapanahon sa mga tuntunin at batas. Upang matiyak ang patuloy at mabisang pagpapatupad ng LAP, tatayahin ng Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad, nang patuloy, ang pangangailangan ng mga bagong batas o tuntunin o pagbabago sa mga kasalukuyang tuntunin at batas. (Mga Yugto 2 at 3)

#71 Pagbabatas upang tanggalin ang eksepsiyon para sa mga pamamaraan sa maliliit na paghahabol. Ang Konsehong Panghukuman ay dapat mag-isponsor ng pagbabatas upang baguhin ang seksiyon 68560.5(a) ng Kodigo sa Pamahalaan upang isama ang mga pamamaraan sa maliliit na paghahabol sa pagpapakahulugan ng mga pamamaraan ng hukuman kung saan ang mga kuwalipikadong interpreter ay dapat ipagkaloob. (Yugto 2)

#72 Batas upang mag-atas ng may-kredensiyal na mga interpreter para sa maliliit na paghahabol. Ang Konsehong Panghukuman ay dapat mag-insponsor ng batas upang baguhin ang seksiyon 116.550 ng Kodigo sa Pamamaraang Sibil na nauukol sa mga aksiyon sa maliliit na paghahabol upang ipakita na ang mga interpreter sa mga kasong maliliit na paghahabol ay dapat, tulad ng ibang mga bagay, maging sertipikado o nakarehistro, o pansamantalang kuwalipikado kung saan ang isang may-kredensiyal na interpreter ay hindi makukuha. (Yugto 2)

#73 Pagsasapanahon ng mga pormang may kaugnayan sa interpreter. Dapat isapanahon ng Konsehong Panghukuman ang mga porma ng hukuman na may kaugnayan sa interpreter (INT-100-INFO, INT-110, INT-120, at INT-200) gaya ng kailangan upang maging kaayon ng planong ito. (Yugto 2)

#74 Pagtaya ng Batas sa Pagtatarabaho ng Panghukumang Interpreter sa Paglilitis at mga Relasyon sa Paggawa. Dapat tayahin ng Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad ang umiiral na batas, kabilang ang pag-aaral ng anumang mga negatibong epekto ng Pagtaya ng Batas sa Pagtatarabaho ng Panghukumang Interpreter sa Paglilitis at mga Relasyon sa Paggawa sa pagkakaloob ng angkop na mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit. Ang pagtaya ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, kung ang anumang mga pagbabago ay dapat imungkahi para sa mga kasalukuyang iniaatas at limitasyon sa pagkuha ng mga independiyenteng kontratista na higit sa isang tinukoy na bilang ng mga araw. (Yugto 2)

YUGTO 3: Ang mga rekomendasyong ito ay napakahalaga, pero hindi apurahan, o masalimuot at mangangailangan ng mahahalagang hakbang, oras, at kakayahan na kaugnay ng pundasyon na kukumpletuhin bago lumampas ang 2020. Ang pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito ay dapat magsimula agad, kung magagawa, o agad pagkatapos maitatag ang mga hakbang para sa pundasyon.

#10 Pagkakaloob ng mga kuwalipikadong interpreter sa lahat ng ipinag-utos ng hukuman/pinatatakbo ng hukuman na mga pamamaraan. Magsisimula agad, habang nakahanda ang mga tagatulong, pero sa anumang pagkakataon nang hindi mas huli kaysa 2020, ang mga hukuman ay magkakaloob ng mga kuwalipikadong panghukumang interpreter sa lahat ng ipinag-utos ng hukuman, pinatatakbo ng hukuman na mga programa, serbisyo at ginaganap, sa lahat ng LEP na mga litigante, testigo, at tao na may malaking interes sa kaso. (Mga Yugto 1, 2, at 3)

#35 Mga pagsubok na programa para sa mga kiosko ng pangwikang daan sa paggamit. Bilang alternatibo para sa tradisyunal na pagpapakalat ng impormasyon, dapat isaalang-alang ng Konsehong Panghukuman ang paglikha ng mga pagsubok na programa upang ipatupad ang paggamit ng mga kiosko ng pangwikang daan sa paggamit sa mga lobi o ibang mga pampublikong lugar ng paghihintay upang magkaloob ng iba't ibang impormasyon sa paraang elektronikal, tulad ng nasa plataporma ng computer o tablet. Ang impormasyong ito ay dapat na nasa Ingles at hanggang limang ibang mga wika na batay sa mga pangangailangan ng lokal na komunidad na tinasa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa at impormasyon mula sa mga kasama sa hustisya, kabilang ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyong pambatas, nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon, at ibang mga entidad na nagtatrabaho sa mga populasyon na LEP. Sa pinakamababa, lahat ng mga naturang materyal ay dapat makuha sa Ingles at Espanyol. (Yugto 3)

#51 Mga tagatulong sa pangwikang daan sa paggamit sa intranet. Ang impormasyon tungkol sa mga lokal at pambuon-estadong tagatulong sa pangwikang daan sa paggamit, pagsasanay at mga sangkap na pang-edukasyon na tinukoy sa buong planong ito, mga glosaryo, tanda, at ibang mga kasangkapan para sa pagkakaloob ng pangwikang daan sa paggamit ay dapat na madaling makuha ng lahat ng mga tauhan ng hukuman sa pamamagitan ng mga intranet ng indibidwal na hukuman. (Mga Yugto 2 at 3)

#53 Mga Pakikipagtulungan upang ikalat ang impormasyon. Ang hukuman ay dapat magpalakas ng mga kasalukuyang relasyon at lumikha ng mga bagong relasyon sa nakabase sa lokal na komunidad na mga organisasyon, kabilang ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyong panlipunan, mga organisasyon ng mga serbisyong pambatas, ahensiya ng pamahalaan, at mga minoryang kapisanan sa abugasya upang lumikom ng komento upang mapabuti ang mga serbisyo ng hukuman para sa LEP na mga gumagamit ng hukuman at ikalat ang impormasyon at edukasyon sa hukuman sa buong komunidad. (Yugto 3)

#54 Mga pagrekord na audio at video sa maraming wika upang bigyan ng kaalaman ang publiko. Upang palakihin hanggang maaari ang daan at pagiging episyente, ang mga pagrekord sa audio at/o video sa maraming wika ay dapat gamitin bilang bahagi ng mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan ng mga hukuman upang magkaloob ng mahalagang pangkalahatang impormasyon at mga sagot sa madalas itanong na mga katanungan. (Yugto 3)

#55 Pakikipagtulungan sa media. Ang mga hukuman ay dapat makipagtulungan sa lokal na media at gamitin ang mga kakayahan ng media, kabilang ang etnikong media na nakikipagtalastasan sa mga gumagamit sa kanila sa pamamagitan ng kanilang wika, bilang isang paraan ng pagkalat ng impormasyon sa buong komunidad tungkol sa mga serbisyong pangwikang daan sa paggamit, sa proseso ng hukuman, at nakahandang mga tagatulong ng hukuman. (Yugto 3)

#65 Mga reklamo tungkol sa mga pambuong-estadong pagsasalin. Ang komite sa pagsasalin (gaya ng inilarawan sa Rekomendasyon 36), sa pagsangguni sa Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad, ay bubuo ng isang proseso upang tugunan ng mga reklamo tungkol sa kalidad ng mga pagsasalin na inaprobahan ng Konsehong Panghukuman, kabilang ang pagsasalin ng mga porma ng Konsehong Panghukuman, ng California Courts Online Self-Help Center, at ibang mga publikasyon at impormasyon na inisyu ng Konsehong Panghukuman. (Yugto 3)

#68 Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad upang tayahin ang pangangailangan ng mga pagsasapanahon sa mga tuntunin at batas. Upang matiyak ang patuloy at mabisang pagpapatupad ng LAP, tatayahin ng Puwersang Tagakilos sa Pagpapatupad, nang patuloy, ang pangangailangan ng mga bagong batas o tuntunin o pagbabago sa mga kasalukuyang tuntunin at batas. (Mga Yugto 2 at 3)